

GRACECOMM PRIMER



Baliwag Bible Christian Church

GRACECOMM PRIMER

CONTENTS

Week 1: Gospel	4
Week 2: Community	21
Week 3: Mission	35
Week 4: Commitment	43

WEEK 1: GOSPEL

Ang *Grace Community* ay isang pamilya ng Diyos na **binubuo ng Kuwento ng Diyos** at nakikibahagi sa misyon ng Diyos.

INTRODUCTION¹

Ang mga *Grace Communities* ay ang primary organizing structure ng Baliwag Bible Christian Church. Ito ang pangunahing paraan o strategy para tuparin natin ang misyong bigay sa atin ng Panginoong Jesus: “make disciples of all nations” (Matt. 28:19). Kaya nga ang mission statement natin ay ito:

We exist to glorify God by building local and global GraceCommunities of disciples of Jesus who make disciples of Jesus.

Ano ba ang ibig sabihin ng pagiging “church” ng Panginoong Jesus sa panahon ngayon? Paano natin mararanasan ang disenyo ng Diyos para sa church natin at

¹ Gusto kong magpasalamat kay Jeff Vanderstelt, pastor ng Soma Communities. Siya ang nakatulong sa akin pati ang resources na galing sa kanila para makapagsimula rin tayo ng mga “missional communities.” Yung idea ng “Story of God” sa kanya ko rin unang narinig (with Caesar Kalinowski). Ganun din kay Jonathan Dodson, pastor ng Austin City Life Church. Yung City Groups Primer ang ginagamit kong guide para sa GraceComm Primer na ‘to. Sa kanya ko rin unang nakita ang idea ng “Fight Clubs.” At kay Tim Keller, pastor ng Redeemer Presbyterian Church sa New York, for helping me understand what gospel-centered ministry is.

paano tayo makikibahagi sa misyong ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng GraceComm? Ilan ito sa mga katanungang sasagutin natin sa 4-week primer na 'to.

Ano ang isang GraceComm? Ang GraceComm ay isang grupo ng mga tagasunod ni Jesus sa isang partikular na lugar, binubuo ng 6-20 tagasunod ni Cristo at **“namumuhay bilang isang pamilya ng Diyos, binubuo ng Kuwento ng Diyos, nakikibahagi sa misyon ng Diyos”** (*“living as God’s family, formed by God’s Story, participating in God’s mission”*).

Sa pag-aaral na ito, pag-uusapan natin ang tatlong elemento ng GraceComm (isa kada-linggo) – **Gospel** (*God’s Story*), **Community** (*God’s family*), at **Mission** (*God’s mission*). At sa ika-apat na linggo ay pag-uusapan natin ang commitment na dapat ay meron ang bawat miyembro ng GraceComm.

Ano ang layunin ng primer na 'to?

1. **Kung wala ka pang GraceComm**, we pray na magsimula ka nang makibahagi. Umaattend ka siguro ng Sunday Worship, pero dapat maintindihan mo na ang Christianity ay hindi lang Sunday event. Ang pagiging bahagi ng isang church ay higit pa sa pagdalo sa worship service. At kapag naintindihan mo iyon, I hope na sasali ka na sa isa sa mga existing na GCs o kung malayo ang lugar n’yo, magsisimula kang

magpray at magplano kung paano makapagsisimula ng bagong GC. Tutulongan namin kayo!

2. ***Kung meron ka nang GraceComm***, pwedeng gamiting pa rin ang primer na 'to bilang paraan para mas maging focused ka at mas maging committed pa. Na hindi ka maging kumportable lang na basta involved. Dapat mas maintindihan mo kung ano 'yang sinasalihan mo at para saan. Ito rin ang ibig sabihin ng church membership. Magiging miyembro ka hindi kung magpabaptize ka lang, magfill-out ng application form, at pumirma sa Statement of Faith at Church Covenant. You become a full-pledged member ng church kung nakikibahagi ka sa isang GC.

Kung bahagi ka ng isang GC, mararanasan mo ang church bilang isang pamilya na nabuo dahil sa biyaya ng Diyos (kaya *GraceComm*), at kung paano tayo lalago sa pag-ibig natin kay Cristo, sa isa't isa, at sa mga nangangailangan sa kanya sa ating bayan at sa bawat lahi sa buong mundo.

GOSPEL-CENTERED

Simulan natin sa Gospel. Bakit iyon ang simula? 1 Corinthians 15:1-5:

Now I would remind you, brothers, of the gospel I preached to you, which you received, in which you stand, 2 and by which you are being saved, if you hold fast to the word I preached to you—unless you believed in vain. 3 For I delivered to you as of first importance what I also received: that Christ died for our sins in accordance with the Scriptures, 4 that he was buried, that he was raised on the third day in accordance with the Scriptures, 5 and that he appeared to Cephas, then to the twelve.

Bakit gospel ang simula at foundation ng lahat ng ginagawa natin? Verse 3, sabi ni Paul, ito ay “of first importance.” Pinakamahalaga sa lahat. Sabi ni Tim Keller, “The gospel is what brings unity to all that we do. Every form of ministry is empowered by the gospel, based on the gospel, and is a result of the gospel” (*Center Church*).

WHAT IS THE GOSPEL?

PAG-USAPAN: Ano ang pumapasok sa isip mo kapag naririnig mo ang salitang “gospel” o “Magandang Balita”?

Ang gospel ay hindi good advice - hindi ito tungkol sa kung ano ang ginawa na natin (mabuti man o masama), o ginagawa natin, o gagawin natin o dapat nating gawin. It is

not about us! Ang gospel ay mabuting balita tungkol sa mabuting gawa ng Diyos -

Ginawa ng Diyos ang hindi natin magagawa para sa sarili natin; ayon sa kanyang plano, si Jesus na Anak ng Diyos nagkatawang tao, namuhay na matuwid para tayong mga nananalig sa kanya ay maituring na matuwid sa paningin ng Diyos, namatay sa krus para akuin ang lahat ng parusang nararapat sa ating mga makasalanang, at sa ikatlong araw ay nabuhay na muli at nagtagumpay laban sa kasalanan, kamatayan, at lahat ng kasamaan para baguhin ang lahat ng kanyang nilikha at tayo'y mapanumbalik sa Diyos.

That is the gospel. At para mas maging malinaw sa atin, tingnan natin ang limang aspeto ng gospel.

1. THE GOSPEL IS HISTORICAL.

Totoong Kuwento, totoong nangyari. Hindi kathang isip lang. Hindi kuwentong barbero lang. Mula verses 5-8, paulit-ulit na binanggit na pagkatapos mabuhay na muli si Jesus, "nagpakita siya..." kay Pedro, sa mga apostol, sa 500, at kay Pablo. Ang lahat sa buhay natin ay nakatali sa historical reality ng muling-pagkabuhay ni Jesus, "And if Christ has not been raised, then our preaching is in vain and your faith is in vain" (v. 14).

Ito ay nangyari ayon sa plano ng Diyos na nakasulat sa Old Testament. Ang kamatayan niya, "in accordance with the

Scriptures" (v. 3). Ang pagkalibing sa kanya at ang kanyang muling-pagkabuhay, "in accordance with the Scriptures" (v. 4). Kaya nga bago natin ibahagi si Cristo sa mga tao, we give them background kung bakit kailangang dumating si Jesus. Kaya *The Story of God* ang gamit natin sa pag-share ng gospel. Mahahati ito sa apat na bahagi.

- **Creation.** Nilikha tayo ng Diyos sa sa kanyang larawan, para bigyan siya ng karangalan sa lahat ng bahagi ng buhay natin.
- **Rebellion.** Anong naging problema? Nagkasala ang tao, sumuway sa Diyos, at namuhay para sa sariling karangalan at kagustuhan. Mula kay Adan at Eba, hanggang sa mga sumunod na henerasyon, hanggang ngayon.
- **Redemption.** Ano'ng solusyon sa problemang ito? Wala sa atin. Kundi nasa plano at pangako ng Diyos na natupad sa pagdating ni Jesus at sa kanyang ginawa sa krus para sa atin.
- **Restoration.** Ano ang resulta ng ginawa ni Jesus? Mararanasan natin, kung sasampalataya tayo sa kanya, ang isang bagong buhay, na malulubos sa muli niyang pagbabalik, kasama ang pagpapanibagong-muli (renewal) ng lahat ng nilikha ng Diyos.

PAG-USAPAN: Sa kapartner, subukang ikuwento ang buod ng Story of God sa loob ng 3-4 minuto.

Binabago ng gospel (as God's Story) ang pagtingin natin sa realidad sa mundong ito. Hindi lang ito historical, history-making din. Naiintindihan natin na kahit anong nangyayari sa mundo - gaano man kasama, gaano man kagulo - ayon sa plano at disenyo ng Diyos. Hindi pa siya tapos. Sa buhay natin, hindi pa rin siya tapos. Inaanyayahan tayo sa Kuwentong ito na ang kuwento ng buhay natin ay makita nating bahagi nito. We find our life's significance as part of God's Story.

2. THE GOSPEL IS DOCTRINAL.

Hindi lang ito Kuwento na dapat nating pakinggan. Ito rin ay nagtuturo ng mga katotohanang dapat nating paniwalaan. Verses 1-2, "which you *received*, in which you *stand*...unless you *believed* in vain..." Binabago nito ang paniniwala natin. As we look at the gospel as Story, we must also look at it as Theology. Merong apat na pangunahing paksa na may kinalaman dito.

PAG-USAPAN: Ayon sa Kuwento, ano ang Diyos? Ano ang tao at problema ng tao? Sino si Cristo at ano ang ginawa niya? Ano ang dapat na maging tugon natin?

- **God.** Sino ang Diyos? Siya ay banal, makatarungan, mapagmahal at puno ng biyaya o kagandahang-loob.
- **Man.** Sino ang tao? Nilikha sa larawan ng Diyos. Makasalanan, gumagawa ng kasalanan. We are

broken, we are suffering sinners in need of God's grace.

- **Christ.** Sino si Cristo? Siya ang Panginoon, ang Tagapagligtas, ang Manunubos na umako ng ating kasalanan at nagbigay sa atin ng bagong buhay sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay.
- **Faith.** Ano ang response natin? Hindi tayo maliligtas sa pamamagitan ng mabuting gawa, kundi dahil lang sa biyaya ng Diyos na tinanggap natin sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Cristo.

3. THE GOSPEL IS CHRISTOLOGICAL.

Inaanyayahan tayo nito na hindi lang paniwalaan ang isang Kuwento o isang doktrina. It invites us to put our trust, our faith, our hope, our devotion, our allegiance in a Person, our Lord Jesus Christ. Sabi ni Jesus kay Martha, "*I am the resurrection and the life. Whoever believes in me, though he die, yet shall he live, and everyone who lives and believes in me shall never die. Do you believe this?*" Sagot naman ni Martha, "Yes, Lord; I believe that you are the Christ, the Son of God, who is coming into the world" (John 11:25-27).

Ang tiwala mo ba at pag-asa ay nakay Cristo? Hindi lang siya isa sa iba't ibang valid na spiritual ideas. He is not just an option. He is the One! He is the Way (Acts 4:12; 1 Tim. 2:5-9)! Dahil sa gospel, nababago ang naisin, hangarin, at tinitibok ng puso natin. Si Cristo lang, wala nang iba.

PAG-USAPAN: Paano mo nakikitang lumalalim at lumalago ang relasyon mo kay Cristo ngayon?

4. THE GOSPEL IS TRANSFORMATIONAL.

Totoo namang ito ay bumabago ng buhay. Pero karaniwan iniisip nating para lang ito sa mga "sinners" or "non-Christian" para mabago sila. Para din ito sa lahat ng Christians na. "Now I would remind you, brothers..." (1 Cor. 15:1). Para ito sa mga Christians sa Corinth na may struggle pa rin sa pagkakampi-kampi, pagmamataas, pag-aaway-away, sexual immorality, atbp. Hindi niya sinasabi dito kung ano ang dapat nilang gawin (advice), bagamat ginawa niya iyan sa ilang bahagi ng sulat niya. Pero dito, ipinaalala niya kung ano na ang ginawa ng Diyos para sa kanila.

Hindi lang natin ito tinanggap noong una, kundi patuloy na tinatayuan. "Which you received, in which you stand" (v. 1). Hindi lang ito ang nagligtas sa atin, kundi ito rin ang patuloy na nagliligtas o bumabago sa atin, "by which you are being saved" (v. 2).

Binabago tayo ng Diyos para maging katulad ni Jesus.

"And we all, with unveiled face, beholding the glory of the Lord, are being transformed into the same image from one degree of glory to another. For this comes from the Lord who is the Spirit" (2 Cor. 3:18). **Nangyayari ang**

pagbabagong ito kung tayo’y patuloy na kay Jesus titingin. Kung titingin lang tayo sa mga pagkakamaling nagagawa natin, hindi mangyayari.

Dahil sa Mabuting Balita, malaya na tayong aminin ang mga kasalanan natin, dahil ang halaga ng ating pagkatao ay hindi na nakatali sa success or accomplishments natin; kundi nakakabit kay Cristo at sa kanyang accomplishments para sa atin. Malaya na tayong aminin ang mga kasalanan natin na walang takot ng kahatulan dahil inako na ni Jesus ang parusang nararapat para sa atin. “For every look at sin we should look ten times at Christ” (Jonathan Dodson).

The gospel is the power of God for our salvation because of **the power of the Holy Spirit transforming us.** “For this comes from the Lord who is the Spirit” (2 Cor. 3:18). Siya ang tumutulong sa atin para ibaling ang paningin natin mula sa kasalanan at sa makasariling hangarin tungo kay Cristo. Di naman biglaan ang pagbabago. Unti-unti. Araw-araw. Pero siguradong merong progreso. **As we look to Jesus more and more, we become like Jesus more and more.**

PAG-USAPAN: Karaniwan bang tumitingin ka sa mga maling nagawa mo (failures) o mga magandang nagawa mo (successes)? Paano mababago ng gospel ang pananaw mo tungkol dito?

5. THE GOSPEL IS MISSIONAL.

Ang news binabalita. Kaya nga news! Tulad ng ginawa ni Paul sa mga taga-Corinth, noong di pa sila Christians at kahit noong Christians na sila. "I would *remind* you...the gospel I *preached* to you...the word I *preached* to you...I *delivered* to you what I also received" (vv. 1-3). Ang gospel, personal oo. Pero hindi ito sinasarili. Sa Week 3 (Mission) pag-uusapan pa natin iyan.

THE GOSPEL: AN ILLUSTRATION

Sa kabuuuan ng buhay at ministryo ni Jesus, nagbabago ang buhay ng mga taong lumalapit at sumusunod sa kanya. Ito ang mga taong "makasalanan" (at inaaming sila'y makasalanan) tulad ng mga kurakot, traydor, mapang-api at gahaman sa salapi na tax collectors (tulad ni Zaccheus) at mga maruruming sexually immoral prostitutes. Nagreklamo ngayon ang relihiyoso at mga banal na Bible scholars (scribes and Pharisees). Sabi nila, "Tinatanggap niya ang mga makasalanan at kumakain siyang kasama nila. Iskandaloso!" (Luke 15:1-2)

Dahil doon, may ikinuwento si Jesus sa kanila (15:11-32):

Merong isang lalaki na may dalawang anak. Sabi ng nakababata sa kanyang ama, "Tatay, ibigay n'yo na ang mana ko." Pumayag naman ang tatay niya. Umalis siya. Nagtungo sa malayo. At nilustay ang lahat ng kanyang ari-arian sa kung anu-anong luho at

kahalayan. Walang-wala na siya. Dumating ang taggutom. Wala siyang makain. Nagtrabaho siya sa babuyan. Pati pagkain ng baboy yun na rin ang kinakain niya.

Napag-isip-isip niya, “Kesa mamatay ako sa gutom, mainam pang bumalik na lang ako sa bahay ng aking tatay. Uuwi ako, sasabihin ko sa kanya, ‘Tatay, nagkasala ako sa Diyos at sa iyo. Di ako karapat-dapat na tawaging anak n’yo. Ituring mo na lang ako na isa sa mga tauhan n’yo.’”

Nagsimula na siyang maglakbay pauwi sa kanila, habang paulit-ulit na kinakabisa ang script ng sasabihin niya. Malayo pa siya, natanaw na siya ng tatay niya, naawa sa kanya, kumaripas ng takbo at niyakap at hinalikan siya. Amoy-baboy pa siya. Sabi niya sa tatay niya, “Nagkasala ako laban sa Diyos at sa iyo. Di na ko karapat-dapat tawaging anak n’yo.”

Di pa siya tapos magsalita, tinawag na ng tatay niya ang mga tauhan at sinabi, “Dali, kunin n’yo ang pinakamagandang damit, isuot sa kanya, pati ang singsing na para sa aking anak, at pati ang sapatos. At ang baka, litsunin n’yo. Dali. Kakain tayo at magpaparty. Namatay ang aking anak, pero siya’y nabuhay muli; nawala, pero natagpuan na.”

Habang nagpaparty sila, may malakas na tugtugan at may sayawan, dumating ang panganay na anak. Ibinalita sa kanya na bumalik ang kapatid niya. Galit

siya. Ayaw niyang pumasok. Hinarap siya ng tatay niya, at sagot niya sa tatay niya, “Ilang taon kitang pinaglingkuran, di ako sumuway sa iyo, di mo man lang ako ipinaghanda na tulad niyan. Pero itong pasaway n’yong anak, nilustay na nga ang kayamanan n’yo sa mga prostitutes, pinaglitson n’yo pa!”

Sabi ng tatay niya, “Anak, lagi mo akong kasama, lahat ng sa akin ay sa iyo rin. Dapat lang na magsaya tayo’t magdiwang, dahil ang kapatid mo ay namatay, pero ngayon ay buhay; naligaw, at ngayo’y natagpuan na.”

PAG-USAPAN: Sa kapartner, ulitin ang kuwentong ito.

This is the gospel. How should we then respond?

WRONG RESPONSE

1. **Religious response.** Tinatawag din itong legalism. Ganito ang response ng mga Pharisees (religious leaders) at scribes (interpreters of the Law), na nasasalamín sa response ng panganay na anak sa kuwento ni Jesus. Sinasabi ng mga religious, “*Sumusunod ako, gumagawa ako ng mabuti, kaya ako’y minahal at tinanggap ng Diyos.*” Anti-gospel iyan. Ang response na ayon sa gospel ay ganito: “*Ako’y minahal at tinanggap ng Diyos, kaya ako’y sumusunod at gumagawa ng mabuti.*”

Hindi mo kailangang magpakitang-gilas sa Diyos o sa church; si Jesus na ang nagpakitang-gilas para sa iyo. "You don't have to pretend to be perfect, because all of us are imperfect people clinging to a perfect Christ, being perfected by the Spirit" (Jonathan Dodson).

2. **Rebellious response.** Tinatawag din itong spiritual license or antinomianism (anti-law). Maling response kung ito namang mga makasalanan ay magpapatuloy sa kasalanan o iyong "prodigal son" sa story matapos na siya'y bumalik sa bahay ay magdadala ng mga prostitutes sa kanilang bahay. Dapat bang patuloy na magkasala para mas sumagana ang biyaya ng Diyos? Sagot ni Paul, "No way!" (Rom. 6:1-4). Sinasabi ng rebellious, "*Dahil pinatawad na ko't tinanggap ng Diyos, malaya na akong sumuway at magkasala.*" That's anti-gospel. Ang tamang response sa gospel ay ito, "*Dahil pinatawad na ko't tinanggap ng Diyos, nararapat lang na ako'y sumunod at mamuhay sa kabanalan. Si Jesus ang Tagapagligtas at Panginoon ng aking buhay.*"

Parang magkaiba ang religious at rebellious, pero mukha lang. Parehong nakatingin sa sarili; ang religious nakatingin sa sariling kabutihan; ang rebellious sa sariling kagustuhan. But the gospel invites us to look to Jesus. He is our life, our joy, our treasure.

PAG-USAPAN:

- 1. *Ano ang karaniwang nagiging response mo? Pagiging "religious" o pagiging "rebellious"? Sa paanong paraan?***
- 2. *Nararamdaman mo bang kailangan mong pagtrabahuhan mabuti ang pagtanggap ng Diyos?***
- 3. *Nasisiyahan ka ba sa tuwing sumusuway ka at nagkakasala sa Diyos?***

RIGHT RESPONSE

How do we respond to the gospel? Tulad ng mga makasalanang sa kuwento na lumalapit kay Jesus; hindi nananatili sa putikan ng kasalanan kundi lumalapit kay Jesus, tulad ng anak na nagbalik sa kanyang ama.

Now after John was arrested, Jesus came into Galilee, proclaiming the gospel of God, and saying, "The time is fulfilled, and the kingdom of God is at hand; repent and believe in the gospel" (Mark 1:14-15).

Repent and believe. Mukhang dalawang responses pero kung titingnang mabuti ay isa lang iyan, parang two sides of

the same coin. Ano ba ang “repent” o “magsisi”? Akala ng iba basta di maganda ang naramdaman mo pag nakagawa ng kasalanan (feel bad, feel guilty), o basta mag-sorry ka lang at humingi ng tawad. Pero hindi lang iyon! Ano naman ang “believe” o “maniwala”? Basta maniwala lang (sa isip) tungkol kay Jesus? Hindi lang iyon! Ang repentance at faith ay ang **pagtalikod hindi lang sa ginagawang kasalanan kundi maging sa mga kasinungalingang pinaniniwalaan natin, sa mga diyus-diyosang higit na pinahahalagahan kaysa sa Diyos. Lumapit nang may pagtitiwala kay Jesus, na siyang higit sa lahat at sapat para sa lahat. Kapitan ang mga pangako niya, ilagak ang pag-asa, pagtitiwala, at pananalig sa kanya.**

Ang pagsisisi at pananampalataya ay hindi minsanan lang sa buhay Cristiano, hindi lang noong unang araw ng iyong pagiging Christian. Ito ay araw-araw. Araw-araw kasi may struggle tayo sa kasalanan, araw-araw din na kailangan natin ang biyaya ng Diyos. Kung ang struggle mo ay sa lust (tulad ng premarital-sex or porn), talikuran mo ang kasinungalingan na ang sex o relasyon sa tao ang makapagbibigay sa iyo ng pagmamahal at kasiyahang hinahanap mo. Paniwalaan mo ang katotohanang “the joy of Jesus is infinitely better.”

Kung materialism naman (na ang bunga sa iyo ay pagkabalisa o kasakiman), talikuran mo ang kasinungalingang pera o materyal na bagay ang solusyon sa

problema mo o makapagbibigay ng halaga sa pagkatao mo, at paniwalaan ang katotohanang, "the riches of Jesus is infinitely better."

Kung performancism naman (na dulot ay pride kung ok ginagawa mo, envy kung mas ok ang iba, depression kung di ok ang ginawa mo), talikuran mo ang kasinungalingang nakatali sa performance mo ang halaga ng pagkatao mo at paniwalaan ang katotohanang "Jesus is enough for me."

Araw-araw ang laban natin sa kasalanan. Araw-araw na kailangan natin ang biyaya ng Diyos na matatagpuan sa gospel o Mabuting Balita ni Cristo. Araw-araw din tayong dapat na magsisi at magtiwala kay Cristo. Pero di natin dapat gawin ito na nag-iisa. Kaya kailangan natin ng ka-pamilya tulad ng GraceComm sa labang ito.

PAG-USAPAN:

- 1. Paano natin matututunang talikuran ang kasalanan at ang mga kasinungalingan nito at lapitan si Jesus at ang kanyang mga pangako?***
- 2. Bilang isang GraceComm, paano natin matutulungan ang isa't isa sa paglaban sa kasalanan at pagpapaalala ng gospel sa isa't isa?***

WEEK 2: COMMUNITY

Ang *Grace Community* ay **isang pamilya ng Diyos** na binubuo ng Kuwento ng Diyos at nakikibahagi sa misyon ng Diyos.

GOSPEL-CENTERED FAMILY

Ano ulit ang GraceComm? “Pamilya ng Diyos na binubuo ng Kuwento ng Diyos at nakikibahagi sa misyon ng Diyos.” Last week pinag-usapan natin ang gospel foundation ng GraceComm, na ito ang kailangan pa rin natin sa araw-araw, we are being formed by God’s Story. Ang church natin, ang buhay ng bawat isa sa atin, dapat gospel-shaped. At kung itong gospel ang humuhubog sa atin, hindi pwedeng tayo ay naka-isolate. We live out the gospel in community o bilang isang pamilya ng Diyos. Malinaw na ito ang disenyo ng Diyos sa church.

Kahit na inaasahan kong makakapunta ryan sa iyo sa lalong madaling panahon, isinulat ko pa rin ang tagubiling ito para kung sakaling maantala ako, alam mo na kung ano ang dapat ugaliin ng mga mananampalataya *bilang pamilya ng Dios*. Tayong mga mananampalataya *ang iglesya ng buhay na Dios, ang haligi at saligan ng katotohanan* (1 Tim. 3:14-15 ASD).

Yun ang ibig sabihin ng GraceCommunity, pamilya ng Diyos na nakasentro sa Mabuting Balita ni Cristo, namumuhay ayon

sa biyaya ng Diyos. Ayon kay Jonathan Dodson, ito ay “set of relationships centered on the gospel.” Sabi naman ni Jerry Bridges (True Community), “Biblical community is first of all the sharing of a common life in Christ.”

Ang nagbubuklod sa atin ay hindi pare-parehong interes, pare-parehong economic status, pare-parehong edad. No! Ang nagbubuklod sa atin ay ang pare-parehong buhay na meron tayo kay Cristo. Sa mga GCs, binibigyang-diin natin ang five-fold identity natin. **We are learners, worshipers, family, servants, and missionaries.** At magkakakabit lahat yan. We learn the gospel and follow Christ together. We worship God together. We serve others and go on mission to share the gospel together. Yan ang ibig sabihin ng church as family. We are together for the gospel.

A GRACECOMMUNITY IS NOT...

❖ *A Bible study group*

Siyempre naman nag-aaral tayo ng Bibliya. Hindi pwedeng mawala iyon. Pero hindi iyon ang focus, kundi ang pagsasabuhay nito at kung paano natin matutulungan ang bawat isa sa paglago sa pagsunod kay Cristo.

❖ *A small group*

Oo nga't maliit na grupo lang ang isang GC (6-20 miyembro). Pero hindi ito tulad ng karaniwang small groups na binubuo ng pare-parehong lalaki, pare-

parehong babae, pare-parehong kabataan. Halu-halo, anuman ang edad, anuman ang hilig, anuman ang estado sa buhay. Kasi nga pamilya!

❖ *A social gathering*

Hindi lang ito para meron kang makakuwentuhan o makasamang kumain. Na parang mga social clubs or organizations na wala naman talagang nabubuong malalim na relasyon. Ang goal ng GC ay para mas lumalim ang relasyon natin sa isa't isa bilang magkakapatid kay Cristo, bilang isang pamilya.

❖ *Weekly gathering*

Oo nga't mahalaga na merong regular gathering (two to four times a month). Pero hindi ito limitado lang sa mga oras na nagtitipon tayo. Kundi sinisikap nating ipamuhay araw-araw ang relasyon natin sa isa't isa at ang misyong ibinigay sa atin ng Panginoon. We don't go to church every Sunday or go to GC every Tuesday. We are the church.

PAG-USAPAN: Ano ang pagkakaiba ng mga ito sa pagsasalarawan natin sa isang GraceComm?

MARKS OF A BIBLICAL COMMUNITY

Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin. 43 Maraming himala at kamangha-manghang ginawa ang Dios sa pamamagitan ng mga apostol. Kaya namuhay ang mga tao nang may paggalang at takot sa Dios. 44 Maganda ang pagsasamahan ng mga mananampalataya, at pinag-isa nila ang kanilang mga ari-arian para makabahagi ang lahat. 45 Ipinagbili nila ang kanilang mga lupa at mga ari-arian, at ang pera’y ipinamahagi nila sa kanilang mga kasama ayon sa pangangailangan ng bawat isa. 46 Araw-araw, nagtitipon sila sa templo at naghahati-hati ng tinapay sa kanilang mga bahay. Lubos ang kagalakan nila sa kanilang pakikibahagi sa pagkain, 47 at palagi silang nagpupuri sa Dios. Nagustuhan sila ng lahat ng tao. Araw-araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga taong kanyang inililigtas” (Acts 2:42-47 ASD).

PAG-USAPAN: Ano ang mga kapansin-pansing katangian ng community sa pagsasalarawan ng buhay ng unang iglesia?

❖ *Gathered, not isolated.*

Hindi yun bang pagkatapos magrespond sa message ni Peter, umuwi na at sinabing pwede naman magbasa ng Bible at magpray sa bahay na mag-isa

lang. "Nagtitipon sila bilang magkakapatid" (v. 42). Meron nga ba namang pamilyang hiwa-hiwalay at kanya-kanya? Nagtitipon sila sa templo (v. 46), malakihang gathering yun (tulad ng ginagawa natin ngayon sa Worship Service). Pero sama-sama din silang kumakain sa kanya-kanyang bahay (v. 46), small gatherings tulad ng ginagawa natin sa GC. You won't experience community kung solo-solo ka. Kaya nga ipinaalala sa atin na wag nating pababayaan ang ating mga pagtitipon (Heb. 10:25)

❖ *Devoted, not passive.*

Hindi lang basta nagtitipon. Madali lang naman kasi kung pupunta ka lang, para makapunta lang ba. Makikinig ng Salita ng Diyos, kakanta, sasabay sa kung ano man ang ginagawa. You can just go through the motions. Pero sa unang iglesia, "Naging masigasig sila..." (v. 42). They devoted themselves. Kay Cristo, sa pakikinig sa salita niya, pagsunod sa kanya, pakikipag-usap sa kanya at pagpupuri sa kanya. They also devoted themselves to one another.

❖ *Other-centered, not self-centered.*

Hindi lang sarili nila ang iniisip nila. Na tulad ng iba na hindi lang napansin o hindi nadalaw, nagtampo na at lumipat na ng church. Pero sila, iniisip nila kung paano makipagrelasyon o makisama sa mga kapatid sa Panginoon. Naging "maganda ang pagsasama nila..."

(v. 44). Sa pag-iisip nila sa kapakanan ng iba, pati sarili nilang ari-arian ipinagbibili na nila makatulong lang sa mga kapatid na nangangailangan (v. 45).

❖ *Joyful, not burdensome.*

Kung magsakripisyo para sa iba, kailangang maglaan ng oras, ng lakas, ng pera. Pero dahil sa biyaya ng Panginoon, di ito magiging kabigatan kundi kagalakan pa nga. "Lubos ang kagalakan nila" (v. 46). Kaya ganito ako kapursigido na hikayatin ang bawat isa na makibahagi sa GC. I don't want to give you more burdens. I want you to experience more joy! "We work with you for your joy" (2 Cor. 1:24).

❖ *Attractive, not repulsive.*

Nakikita ng mga tao ang gawa ng Diyos sa isang church na namumuhay bilang isang pamilya ng Diyos (v. 43). "Nagustuhan sila ng mga tao. Araw-araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga taong kanyang inililigtas" (v. 47). Attractive sa mga tao kung makikita nila na kahit di naman tayo noon magka-ano-ano, pero nakikita nilang tunay na nagmamahalan at nagdadamay (John 13:35).

HOW IS THIS POSSIBLE?

Ito ang prayer natin para sa church natin. Na makita natin ang mga katangian ng isang community of grace. We are not perfect. Kaya wag mong iisiping, "Ay, hindi naman ako

qualified dyan.” Hindi naman ito tungkol sa kung qualified ka o hindi, kung worthy ka o hindi. Hindi ito tulad ng mga clubs or organizations na kapag hindi ka pasado sa qualifications o kapag hindi ka sumusunod sa mga rules, out ka na. We are a gospel-centered community. Ibig sabihin, ang qualifications lang dito ay kung kikilalanin mong hindi ka qualified! Pero dahil kay Jesus ikaw ngayon ay accepted, loved, and forgiven. So nasaan ang pag-asa natin na ang ganitong katangian ng isang biblical community ay mangyayari? In the gospel of Jesus (the finished work of Jesus) and in the Spirit of Jesus (the transforming work of the Spirit in us).

❖ ***Shaped by the Gospel of Jesus***

Dahil sa gospel, di natin kailangang maging perfect, because Jesus was perfect for us. Kung may magkamali man sa atin o madisappoint natin ang iba o madisappoint tayo ng iba, kay Cristo tayo tumitingin hindi sa tao. Dahil tinanggap na tayo ni Cristo, matatanggap na rin natin ang iba. Dahil minahal na tayo, mamahalin din natin ang iba. Dahil pinatawad na tayo, patatawarin din natin sila. Dito sa GraceComm, di kailangang magpanggap o magperform para sa Diyos o para sa church. “You don’t have to pretend to be perfect, because all of us are imperfect people clinging to a perfect Christ, being perfected by the Spirit” (Jonathan Dodson)!

❖ ***Empowered by the Spirit of Jesus***

Being perfected by the Spirit! Good news ito, kasi ano man ang kalagayan mo ngayon, gaano man ka-self-centered pa ang ugali mo, babaguhin ka ng Espiritu para maging tulad ni Cristo (2 Cor. 3:18). Kung nasayo ang Espiritu, at nasayo kung ikaw ay nakay Cristo, ito ang bunga niyan sa buhay mo: "love, joy, peace, patience, kindness, goodness, faithfulness, gentleness, self-control" (Gal. 5:22-23). Posible na maranasan natin ang pagiging tunay na pamilya ng Diyos dahil sa ginawa ni Cristo para sa atin at sa pamamagitan ng patuloy na ginagawa niya sa pamamagitan ng Espiritu.

COMMUNITY RHYTHMS

Bilang tugon sa biyaya ng Diyos sa atin at para maipamuhay ang pagiging pamilya ng Diyos, merong mga gawaing ginagawa natin nang magkakasama. Ito rin ang makikita natin sa Acts 2:42-47. Mga ordinaryong gawain ito, walang extraordinary dito. Lahat tayo kaya nating gawin. Nagiging extraordinary dahil ginagawa nating magkakasama at dahil sa pagkilos ng Espiritu. Anu-ano ito?

❖ **Pakikinig at Pagkukuwento** (*listen/storytelling*)

Nakikinig sila sa turo ng mga apostol, sa salita ng Diyos. At ang napakinggan nila, itinuturo nila sa isa't isa at sa ibang tao. Ganoon din sa mga GCs natin. We study the Word of God. Pinakikinggan natin ang Kuwento, pinag-uusapan, at tulung-tulong na

ipinamumuhay. Nakikinig tayo sa Diyos sa panalangin. At ang narinig natin na Salita niya ay siya namang itinuturo at ikinuwento natin sa iba.

❖ **Pagpapala/paglilingkod** (*bless/serve*)

Pinagpala tayo ng Diyos. Kaya sumasamba tayo at nagpupuri sa kanya. At tulad ng unang iglesia, sinisikap din nating maging pagpapala sa iba. Anumang espirituwal na kaloob na bigay sa atin ng Diyos, anumang oras, lakas o kayamanan na meron tayo, ginagamit natin sa paglilingkod sa mga nangangailangan sa church natin o maging sa ibang tao. Dahil pinagpala tayo ng Diyos, iniisip natin kung paano tayo magiging pagpapala naman sa iba.

❖ **Pagdiriwang at pakikiramay** (*celebrate/suffer*)

Kapag may espesyal na okasyon, dapat ipagdiwang bilang isang pamilya. Kung may birthdays man, anniversaries, graduation, promotion, baptism, at iba pa. We celebrate life together. At kung may mga difficulties naman o sufferings, walang iwanan. May pagdadamayan. Tulad ng kapag may nagkasakit, o may namatay, o may bumagsak ang negosyo o nawalan ng trabaho o nasunugan o nanakawan. Sa hirap at ginhawa, sa kasiyahan o sa kalungkutan, pamilya tayo. We pray together. We encourage one another. We cry together.

❖ **Pagkain** (*eat*)

Ang unang iglesia magkakasamang kumain sa bahay. They also eat the Lord's Supper. Sa GC din natin, nagmemeryenda o naghapunan tayo na magkakasama. We also eat the Lord's Supper at mas nagiging meaningful kasi mas intimate. At inaanyayahan din naman natin ang ibang tao na bumisita sa atin at makasalo natin. The family that eats together stays together! Tama naman yan, kasi kung ang pamilya n'yo di na kayo nagkakasalo sa pagkain, ibig sabihin di rin kayo nagtatagpo o di na kayo nakakapag-usap. Pero sa kainan, hindi lang mabusog ang habol natin, kundi makapagkuwentuhan at makausap ang bawat isa sa mga pinagdadaanan sa buhay.

❖ **Pahinga at pagsasaya** (*rest/recreate*)

Binigay ng Diyos ang kanyang nilikha sa atin para maenjoy at mas makilala natin siya. Kaya sa GC natin, hindi lang puro seryosong bagay, hindi lang mga activities o missions. Magkakasama rin na magpahinga, magrelax, mamasyal, mag-outing, magretreat. At sa pamamagitan din nito, makikita ng mga tao na tayo rin ay mga ordinaryong tao na katulad nila at ineenjoy ang buhay na bigay sa atin ng Diyos.

TWO MAJOR OBJECTIONS

❖ ***"I'm too busy."***

Maaaring itanong mo, "Sobrang busy ko na nga, tapos sasali pa ko sa GC. E di lalo na akong magiging busy niyan." Tama namang concern iyan. Oo nga't meron tayong trabaho, eskuwela, pamilya, libangan at mga ordinaryong gawain sa araw-araw (paglalaba, paglilinis, pagluluto). Paano pa maisisingit ang higit sa isang araw na pagkikita kada Linggo. Baka OK na naman ang pagdalo sa Sunday Worship. Karamihan sa mga "rhythms" na nabanggit ko ay mga araw-araw na gawain na ginagawa na naman talaga natin.

Kumakain, nakikipagkuwentuhan, nagcecelebrate, nagpapahinga. Ang kailangan lang ay gawin natin na magkakasama bilang isang pamilya. Tandaan na ang church ay hindi lugar na pinupuntahan mo; tayo ang church! Kaya, anumang mga ordinaryong bagay gawin natin na may "gospel intentionality." Gawin natin ang mga araw-araw na gawain natin na naipapakita ang devotion natin sa Panginoong Jesus, sa isa't isa, at sa misyong ipinagkatiwala niya sa atin para abutin din ang ibang tao. Sobrang busy ka ba? Anong mangyayari sa isang pamilya kung sa sobrang ka-busyhan ay wala nang panahon ang mga magulang sa anak o sa isa't isa? Ano ang pinagkakaabalahan mo na sobrang importante na inilalayo mo ang sarili mo sa church bilang pamilya ng Diyos?

❖ ***"It's so messy."***

Totoo namang magandang makita ang ganitong relasyon sa church. Pero sa totoong buhay, kung susuungin mo ang ganitong relasyon, it's messy. Messy kasi ang pamilya ay binubuo ng mga taong nagkakasala pa rin at nagiging makasarilo pa rin. Dahil sa kasalanan, merong maaaring mangyaring tsismisan, siraan, pagrereklamo, pagbabalewala sa iba. Ang isang gospel-centered community ay hindi perpekto, pero totoo. May mga conflicts, may mga tensions. Pero di na yan iba o surprising sa Panginoon. Katunayan nga ginagamit niya yan para mas makita natin ang biyaya niya kung paano niya tayo patuloy na hinuhubog sa relasyon sa iba. Isa rin itong oportunidad para maipakita natin sa iba kung ano ang kahulugan ng "grace" - na itinatrato natin ang iba hindi ayon sa dapat para sa kanila kundi ayon sa pagtrato din sa atin ng Diyos. Dahil kay Jesus, tinanggap at pinatawad tayo ng Diyos. Kaya matatanggap at mapapatawad din natin ang iba. (Eph 4:32). Gaano man ka-messy ang maging mga relasyon natin, paraan ito ng Diyos para matutunan natin how to speak the truth in love to one another (Eph 4:15). Mainam yan kasi lahat tayo kelangan natin ng may nagmamahal at may nagsasabi sa atin kung ano ang totoo. Hindi lang totoo tungkol sa kasalanan natin,

kundi totoo ayon sa bago nating identity dahil kay Cristo.

CONCLUSION

Gaano ka man kabusy, gaano man ka-messy ang mainvolved sa isang GraceComm, itutuloy pa rin natin at sisikapin nating makibahagi dahil ito ang magandang plano ng Diyos sa atin.

PAG-USAPAN:

- 1. (Kung may GC na) Paano mo nararanasan ang pagiging pamilya sa GC?***
- 2. Ano pa ang gagawin mo para maipadama sa ka-GC mo na sila'y kapamilya mo?***
- 3. Meron ka bang nakikitang pangangailangan ng kasama mo sa GC na pwede mong tulungan? Anong gagawin mo?***

PAG-USAPAN:

- 1. (Kung wala ka pang GC) Ano ang humahadlang sa iyo para makibahagi?***

- 2. *Ano ang nakita mong kahalagahan ng GC sa mensaheng napakinggan mo? Naniniwala ka ba dito?***

- 3. *Ano ang susunod na hakbang na gagawin mo para makibahagi sa isang GC? Meron ka bang gustong salihang GC o gusto mong makapagsimula sa lugar nyo?***

WEEK 3: MISSION

Ang *Grace Community* ay isang pamilya ng Diyos na binubuo ng Kuwento ng Diyos at **nakikibahagi sa misyon ng Diyos.**

OUR MISSION: MAKE DISCIPLES OF ALL NATIONS

PAG-USAPAN: Ano ang naiisip mo kapag naririnig mo ang salitang “misyon”?

PAG-USAPAN: Ano ang mission statement ng church natin? Ano ang pagkakaintindi mo dito?

Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo. (Matthew 28:18-20 ASD)

Ano ang mission natin? “Make disciples of all nations” o gawing tagasunod ni Jesus ang lahat ng lahi sa buong

mundo. Lahat ng ginagawa natin sa church at sa ating mga GraceCommunities ay dapat na nakapaloob dito.

Disciplemaking – pagtulong sa ibang tao na mas makilala si Jesus, magtiwala kay Jesus at sumunod kay Jesus.

Disciple - sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus, at ibinibigay ang buhay sa misyon ni Jesus.

PAG-USAPAN: Ano ang isang disciple? Ano ang disciplemaking? Anu-ano ang nakapaloob sa disciplemaking ayon sa Matthew 28:18-20?

WHY? THE GOSPEL IS A MISSIONAL GOSPEL

Bakit natin ito gagawin? Because of Jesus! Disciplemaking is all about Jesus. Ayon sa Great Commission, isinugo tayo ayon sa kapangyarihan ni Jesus, pupuntahan natin ang mga tao hanggang maabot natin ang lahat ng lahi sa mundo para makilala nila si Jesus, babautismuhan sila sa pangalan ni Jesus, at tuturuang sumunod kay Jesus. Kaya nga ang definition natin ng disciple at disciplemaking ay binabanggit si Jesus na paulit-ulit, to emphasize that it is all about Jesus.

PAG-USAPAN: Paano natin matitiyak na gospel-centered o nakasentro kay Jesus ang misyon natin?

WHY? OUR GOD IS A MISSIONAL GOD

Sabi ni Jesus sa mga disciples niya matapos na siya'y nabuhay na muli at magpakita sa kanila, "'Sumainyo ang kapayapaan. Kung paanong sinugo ako ng Ama, kayo ay isinusugo ko rin.' Pagkasabi niya nito, hiningahan niya sila at sinabi, 'Tanggapin n'yo ang Banal na Espiritu'" (Juan 20:21-22 ASD).

Isinugo ng Ama ang Anak. "Sinugo ako ng Ama..."

Ipinadala ng Diyos si Jesus para sa isang partikular na misyon. "Sapagkat ako na Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naliligaw" (Luke 19:10). Sa pamamagitan ng kanyang gawa sa krus, iniligtas niya tayong mga naliligaw.

Isinugo ng Ama at Anak ang Espiritu. John 20:22,

"Pagkasabi niya nito, hiningahan niya sila at sinabi, 'Tanggapin n'yo ang Banal na Espiritu.'" Pangako ito ni Jesus bago siya mamatay, "Kapag umalis na ako, ipapadala ko siya (ang Espiritu) sa inyo" (John 16:7). Nalubos ang katuparan nito sa pagbaba ng Espiritu sa araw ng Pentecostes, "Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu..." (Acts 2:4).

Isinugo ng Ama, Anak at Espiritu ang Church/Iglesia. Ang

misyong iniwan sa atin ay to make disciples of Jesus to all nations (Matt. 28:19). Sinabi pa niya na tayo ang kanyang witnesses (Acts 1:8). Tayo ang kanyang mga kinatawan dito

sa mundo para ipahayag ang Mabuting Balita sa lahat ng tao. Sabi ni Pablo, "...At [tayo] ang kanyang pinagkatiwalaan na magpahayag ng mensaheng ito. Kaya nga, mga sugo [tayo] ni Cristo..." (2 Cor. 5:19-20).

PAG-USAPAN: Kung ang misyon mo ay iba sa misyon ng Diyos, ano ang ipinapakita nito sa kalagayan ng puso mo?

HOW? TOGETHER AS MISSIONAL FAMILY

Ngayon, paano natin ito gagawin? Dahil tayo ay kabilang sa isang church o GraceCommunity at tayo ay isang pamilya, gagawin natin ang misyong ito na hindi isa-isa o solo-solo kundi sama-sama, together as a missional family.

Tandaan nating kapag misyon ang pinag-uusapan natin, hindi lang activity o gawain ang tinutukoy natin tulad ng paglead ng mga Story of God groups o pagdalaw sa mga non-Christians. Oo, may gagawin tayo, pero tandaan nating ito'y nakabatay sa ating identity. We are servants.

Naglilingkod tayo para tugunan ang pangangailangan ng mga tao. We are missionaries. Pinupuntahan natin sila kung saan sila naroon. We are a family of servants. We are a family of missionaries. Kaya sama-sama natin 'tong gagawin.

PAG-USAPAN: Kanino ka sasama o sino ang aayain mo para matuto ka pang makibahagi sa misyon at sa pagkukuwento ng Story of God?

HOW? WITH CHRISTLIKE SERVANTHOOD

Dapat gawin natin ito na tulad ni Jesus na ang puso ay merong nagpapakumbabang paglilingkod o humble servanthood. "Ibinaba niya nang lubusan ang sarili niya sa pamamagitan ng pag-aanyong alipin. Naging tao siyang tulad natin. At sa pagiging tao niya, nagpakumbaba siya at naging masunurin sa Dios hanggang sa kamatayan, maging sa kamatayan sa krus" (Filipos 2:7-8 ASD).

Hindi lang tayo basta nag-aanyaya ng mga tao na pumunta sa church. Tayo ang church. Tayo ang pupunta sa mga tao. "Go and make disciples..." At sa pagpunta natin, ipakita natin, ipadama natin na ang puso natin ay para sa kanila. Magpakumbaba tayo, abutin natin sila, para maipakilala natin si Jesus sa kanila.

PAG-USAPAN: Paano dapat magbago ang pagtingin at pakikitungo mo sa mga hindi pa Cristiano (not-yet-disciples)?

FOR WHOM? PARA SA LAHAT NG DISCIPLES

Ang misyon ay para sa lahat ng disciples ni Jesus. Ang isang disciple ay “sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus, at ibinibigay ang buhay sa misyon ni Jesus.” Di ito tulad ng nakagawian ng marami na Spectator Christianity. Hindi lang tagapakinig, tagaupo, tagahanga, kundi tagasunod. At kung iniutos niya na kasama tayo sa misyon, susunod tayo.

Ang iba’y ginawa niyang apostol, ang iba’y propeta, ang iba’y mangangaral ng Magandang Balita, at ang iba naman ay pastor at guro. Ginawa niya ito para ihanda sa paglilingkod ang mga pinabanal... (Efeso 4:11-12).

Ang paglilingkod dito ay ang pagganap ng tungkulin natin sa misyon, o sa pag-akay sa mga tao na sumunod kay Jesus. Ang ministry o ang involvement sa misyon ay hindi para sa mga extraordinary Christians, hindi lang para sa mga pastors o professional missionaries o seminary graduates. Para ito sa lahat.

PAG-USAPAN: Kumbinsido ka na ba na kasali ka sa misyon? Ano ngayon ang nararamdaman mo tungkol dito?

FOR WHOM? PARA SA MGA DI PA DISCIPLES

Ang misyon ay gawain nating lahat na mga disciples ni Jesus alang-alang sa mga taong hanggang ngayon ay hindi pa

disciples ni Jesus. Ang disciplmaking ay “pagtulong sa ibang tao na mas makilala si Jesus, magtiwala kay Jesus at sumunod kay Jesus.” Hangga’t meron pang mga taong di lubos na nakakakilala kay Jesus, di pa sumusunod sa kanya. Sila ang pupuntahan natin at di natin tatantanan sa pananalangin at pagkukuwento tungkol kay Jesus. Kasi kailangan din nila si Jesus! They were lost and without hope without Jesus.

- ❖ **People** - Sino sila? Saan sila nakatira? Paano mo sila pakikisamahan? Anu-anong adjustments ang gagawin mo?
- ❖ **Language** - Ano ang lenggwahe nila? Paano sila magsalita? Mga kabataan ba? Mahihirap? Negosyante?
- ❖ **Value** - Ano ang mahalaga o importante sa kanila? Pera ba? Makaraos sa araw-araw? Relasyon sa pamilya?
- ❖ **Gospel** - Paano nila maririnig na mabuti talaga ang Mabuting Balita? Paano nito tinutugunan ang mga mahahalaga sa kanila? Paanong si Jesus ay higit na mabuti kasya sa mga ito?
- ❖ **Needs** - Paano ka makakatulong na tugunan ang kailangan nila? Paano mo maipapakita ang mabuting

balita sa pamamagitan ng mabuti mong gawa sa kanila?

PAG-USAPAN: Pag-usapan ang mga tanong na ito para sa mga tao o lugar na pagmimisyunan ninyo. At ipanalangin pagkatapos.

Balik-balikan ang mga tanong na ito. Di tayo dapat na tumigil na pag-usapan ang mga ito para mas mas epektibo nating maibahagi ang Mabuting Balita sa iba at sila rin ay maakay na maging mga tagasunod ni Jesus.

WEEK 4: COMMITMENT

Ang *Grace Community* ay isang pamilya ng Diyos na binubuo ng Kuwento ng Diyos at **nakikibahagi** sa misyon ng Diyos.

THE NECESSITY OF OBEDIENCE

PAG-USAPAN: Sa nakaraang tatlong linggong pag-aaral natin, anu-ano na ang nabago sa pananaw mo tungkol sa church at sa bahagi mo dito?

Pinag-usapan natin paano mamuhay ang isang GraceComm at kung paano ka makikibahagi dun. Ilang linggo nating pinag-usapan kasi di naman madaling mabuwag ang nakagisnan nating church culture or tradition. At hindi rin naman pwedeng napakinggan mo lang yan. Sabi sa James 1:22, "Huwag lang kayong maging tagapakinig ng salita ng Dios kundi sundin n'yo ang sinasabi nito. Dahil kung hindi, dinadaya n'yo lang ang sarili ninyo" (ASD). Sabi pa niya sa verses 23-24, na kung nakinig ka, nakita mo ang katotohanan ng Salita ng Diyos tungkol sa disenyo niya sa isang church at kung ano ang bahagi mo dun, tapos uuwi ka lang na parang walang nangyari, wala namang nagbago sa commitment mo, para ka lang tumingin sa salamin at nakalimutan mo na kung sino ka.

Kailangan natin ng commitment, kasi hindi siya ganun kadali. Madaling sabihin, mahirap gawin. Bakit? Unang-una, makasalanang pa rin tayo. Iniligtas na, oo. Pero nananatili pa rin ang sinful nature natin, nagiging makasarili, individualistic ang approach sa Christian life. Pero kung susunod ka sa salita ng Diyos, ikaw ang “taong pagpapalain ng Dios sa mga ginagawa niya” (v. 25). May tiyak na pagpapala sa pagsunod. Yan ang biyaya ng Diyos, ganyan kabuti ang Diyos.

THREE REMINDERS

1. **We will fail.** Natural naman sa atin, when we make commitments, di natin kayang tuparin perfectly. Makakaranas ka ng failures. At kapag nangyari iyon, remember the gospel! Good news iyan para sa mga imperfections and failures natin, na lubus-lubos ang pagpapatawad ng Diyos. Ang pagsunod natin sa nais niya, ang commitment na gagawin natin ngayon ay hindi paraan para makuha ang favor, acceptance at love ng Panginoon. Dahil kay Cristo, nasa atin nang lahat iyon! Mag-eexpress tayo ng commitment, hindi para husgahan ang performance natin, whether we’re doing better or worse. Gagawin natin ito kasi mas gusto pa nating lumago ang relasyon natin sa Panginoon, at maramdamang ang puso natin ay malapit sa puso ng Diyos. At sa mga panahong you failed to keep your commitment, we will not condemn you. Tayo’y isang pamilya di ba? Pagtutulungan natin iyan.

2. **Not “in or out”.** Hindi rin ito sukatan kung sino ang “in” at kung sino ang “out”. Ituturing nating church member ang magcocommit sa mga GraceComm. Mahalaga iyon para malaman natin kung sino ba talaga ang may commitment to participate para tuparin ang misyong bigay sa atin ng Diyos. Pero kung di ka pa ready to make that commitment, it’s okay. Hindi ito pilitan. At wag n’yo ring isiping, “Lilipat na lang ako sa ibang church, mahirap pala dito kailangan committed ka, dun na lang ako sa aattend lang, tapos uuwi na, para low profile lang.” Patuloy kang makinig sa Diyos, at sumunod sa kung ano ang sinasabi niya sa iyo.

3. **Not about perfect maturity,** but taking the next step. Nasa iba’t ibang yugto naman kasi tayo ng spiritual maturity sa Christian life. Hindi naman ibig sabihin ng commitment na gagawin n’yo ngayon dapat tulad na kayo ng pastor n’yo o leader n’yo when it comes to commitment to this church. Ito ay isang paglalakbay, sama-samang paglalakbay. Pero hindi ka makakarating sa paroroonan, sa layunin ng Diyos para sa iyo, kung mananatili ka lang na nakatayo sa kinalalagyan mo. You continue on your journey by taking the next step, and the next step, and the next step. Yan ang pag-usapan natin ngayon, kung ano ang susunod mong hakbang para maipakita

ang commitment mo sa gospel, community at mission.

COMMITMENT TO THE GOSPEL

Ano ang gospel? Sa Part 1 pinag-aralan natin ang 1 Cor. 15:1-4. Ang Mabuting Balita ay ito:

Ginawa ng Diyos ang hindi natin magagawa para sa sarili natin; ayon sa kanyang plano, si Jesus na Anak ng Diyos nagkatawang tao, namuhay na matuwid para tayong mga nananalig sa kanya ay maituring na matuwid sa paningin ng Diyos, namatay sa krus para akuin ang lahat ng parusang nararapat sa ating mga makasalanan, at sa ikatlong araw ay nabuhay na muli at nagtagumpay laban sa kasalanan, kamatayan, at lahat ng kasamaan para baguhin ang lahat ng kanyang nilikha at tayo'y mapanumbalik sa Diyos.

Kung naniniwala ka sa Diyos, ibig sabihin yan ang mensaheng tinanggap mo, pinaniwalaan, pinaninindigan at pinanghahawakan (1 Cor. 15:1-2). That's what commitment to the gospel means. Na hindi lang ito sa simula ng Christian life, kundi sa pagpapatuloy mo ngayon, gagawin mo ang lahat for you to go deeper into the gospel and be more devoted to Jesus. When you commit to the gospel, ito ang babago sa iyo para maging tulad ni Cristo (2 Cor. 3:18), mananatili kang matatag sa mga pagsubok at mga tukso, at magpapatuloy ka sa kabila man ng mga suliranin, pag-uusig at kahirapan.

Paano kung pinapakinggan mo lang ang gospel, pero di ka naman magcommit sa gospel? Ibig sabihin, ayon sa verse 2, hindi tunay ang inyong pagsampalataya. Sa nguso lang, hindi bumaon sa puso. At kung maliligtas tayo kung panghahawakan ito, ibig sabihin, kung di mo ito panghahawakan sa puso, di ka maliligtas. Nakinig ka lang, di ka naman sumunod. Para kang isang taong hangal, ayon sa sabi ni Jesus sa Mateo 7:26-27, na nagtayo ng bahay sa buhanginan. Dumating ang malakas na bagyo, rumagasa ang baha, humampas ang hangin, tinamaan ang bahay at bumagsak at lubusang nasira.

PAG-USAPAN: Kung naniniwala ka sa Mabuting Balita ni Cristo, ano ang susunod mong gagawin para lumago ang relasyon mo sa kanya?

COMMITMENT TO COMMUNITY

Sa Part 2 naman, pinag-aralan natin na kung tayo ay naniniwala sa Mabuting Balita, hindi lang ito bumabago sa relasyon natin sa Diyos, ito rin ang bumabago sa relasyon natin sa isa't isa bilang pamilya ng Diyos. Iniligtas ka ng Diyos hindi para mag-isa sa buhay Cristiano, kundi para makibahagi sa kanyang iglesia bilang isang pamilya, para magtulungan sa paglaban sa mga natitira pa nating mga kasalanan, para maipamuhay ang mga bunga ng Espiritu at

mga katangian ni Cristo sa isa't isa – may pagmamahalan, pagpapatawaran, at pagtutulungan.

Nakita natin iyan sa life of the early church sa Acts 2:41-47. At kung church ay isang Grace Community, isang pamilya ng Diyos, nandun ang commitment sa isa't isa bilang members of one family. Verse 42, "They devoted themselves..." Sa Diyos at sa pamilya ng Diyos. Gagawin nila ang lahat ng magagawa nila para magtulungan sa paglagong espirituwal at matugunan ang mga pangangailangan sa araw-araw. Kung magcocommit din tayo tulad nila, at hindi pababayaan ang mga pagtitipon natin tulad ng nagiging bisyo ng ilan, ayon sa Hebrews 10:24-25, natutulungan natin ang isa't isa to grow in love and in good works, at mas napapalakas din natin ang bawat isa.

Kung di tayo magcocommit sa pamilya ng Diyos, sino ang makakatulong natin sa pagdadala ng mga pasanin sa buhay (Gal. 6:1-2) at sa pagtutuwid sa atin tuwing nagkakasala tayo at nagiging bulag tayo sa sarili nating kasalanan? Mag-ingat tayo, ayon sa Hebrews 3:12-14, kapag wala nang kumakausap sa atin tungkol sa mga struggles natin, baka maging matigas ang puso natin at tuluyan tayong malayo sa Diyos.

Kung ganyan ang gusto mong mangyari sa iyo, nasasayo yun. But if you care for your own heart, and you care for

others, make the next step of commitment now bilang kapamilya.

PAG-USAPAN: Anong gagawin mong hakbang para lumago ang relasyon mo sa church bilang kapamilya?

COMMITMENT TO MISSION

Sa Part 3, mission naman ang pinag-uusapan natin. May misyon ang church. Misyon ng Diyos iyon. Bahagi ka ng pamilya ng Diyos. Ibig sabihin, bahagi ka rin ng misyong ito. Anong misyon? "Make disciples of all nations" (Matt. 28:19) – ang akayin ang ibang tao na lumapit kay Jesus sa pamamagitan ng buhay nating kinakikitaan ng pagkilos ng Diyos at ng katangian ni Cristo, ng pangangaral ng Mabuting Balita sa kanila, at ng pagtuturo sa kanila na sumunod sa lahat ng utos ng Panginoong Jesus. Ang misyon natin ay hindi matatapos hangga't di pa naaabot ang lahat ng lahi ng Mabuting Balita, hanggang sa pagbabalik ng Panginoong Jesus.

Kung naniniwala kang bahagi ka ng misyong ito, makikibahagi ka. Meron kang gagawin, meron kang participation. Pag sinabi ni Jesus na "Go...", you go! Meron kang mga kaibigan o kakilala na non-Christians, sadyain mo. Puntahan mo, dalawin mo, kausapin mo, ipagpray mo, kuwentuhan mo, ilapit mo kay Cristo. If you commit to this

mission, mas mararanasan mo ang kapangyarihan ni Jesus sa buhay mo. Mas mararanasan mo ang presensiya ni Jesus sa buhay mo, yung reality ng promise niya na “I will be with you always” (v. 20). At mararanasan mo din ang saya na makita ang mga dating malayo sa Diyos ay lumalapit na sa kanya.

At kung di ka magcommit, ayon sa logic ng Romans 10:9-15, pabaligtad na basa, di nila maririnig ang Mabuting Balita. Kung di nila marinig di sila maniniwala. Kung di sila maniniwala, di sila tatawag kay Jesus. Kung di sila tatawag, di sila maliligtas. At kung di sila maliligtas, mapapahamak ang kanilang kaluluwa sa loob ng bilyung-bilyong taon sa walang-hanggan.

PAG-USAPAN: Anong next step ang gagawin mo para makatulong sa pag-akay sa ibang tao palapit kay Jesus? Sino yun? Paano mo siya ipagpepray? Paano ka maglalaan ng oras sa kanya? Paano mo ishare ang gospel sa kanya?

COUNTING THE COST

Gospel, Community, Mission. Ang tatlong ito ang mahahalagang sangkap o elemento ng isang church bilang isang Grace Community. Kung mahalaga ito, dapat pinahalalagan. At sa pamamagitan ng mga next steps of commitment na gagawin natin, pinapakita nito kung gaano

ito kahalaga sa atin. At bawat mahalagang bagay sa buhay natin tulad ng pamilya, kalusugan, at trabaho ay pinahahalagahan natin, pinaglalaanan ng oras, ng lakas/kakayahan, at pera/kayamanan. Kung di mo ginagastusan, di mo pinagpapaguran, di mo pinagbubuhusan ng oras, di mahalaga sa iyo. Ganun din sa involvement natin sa church. Kung wala kang panahon, wala kang iniaambag na finances, kung talento mo di mo ginagamit sa paglilingkod, ibig sabihin di ito mahalaga sa iyo.

Ang commitment may sakripisyo. Paalala ulit sa atin na di nakasalalay sa sakripisyo natin ang pagtanggap ng Diyos. Iniligtas na tayo, pinatawad, tinanggap dahil sa sakripisyo ni Cristo. Gagawin natin ang commitment natin dahil sa total commitment na ipinakita na ni Cristo para sa atin, maging sariling buhay niya ay inialay niya para sa atin. Kaya importante na ilagay natin ang gospel sa sentro ng pag-iisip natin.

PAG-USAPAN:

- 1. Paano ako magiging mapagbigay sa oras ko (time)?***
- 2. Paano ako magiging mapagbigay sa talento o kakayahan ko (talent)?***

3. *Paano ako magiging mapagbigay sa pera ko (treasure)?*

This commitment is not really about us, not about our decision. It is about Christ. Hindi ito para magpagalingan tayo, hindi ito para sinuman sa atin ang maitaas. Ito ay para mas makilala pa si Cristo na siya ang lahat-lahat sa buhay natin.